

LONG BEACH SENIOR HOUSING

Abot-kayang Pabahay para sa Mga Matanda



BAGONG HOUSING DEVELOPMENT PARA SA MATANDA

Ang Mercy Housing California (MHC) ay iminumungkahing magtayo ng mataas ang kalidad at abot-kayang mga tirahang apartment para sa mga matanda na mababa ang kita at mga matandang beterano na nakaranas mawalan ng tahanan. Ang development, na matatagpuan sa sulok ng Pacific Coast Highway (PCH) at Martin Luther King Jr. Avenue sa Long Beach, ay paglilingkuran ang mga kwalipikadong matanda na edad 62 at pataas, at kasama rito ang mga amenity tulad ng malaking bukas na espasyong courtyard at recreation area, lounge sa loob at espasyo sa komunidad, pangasiwaan ng pag-aari sa site, programa ng Mga Serbisyo sa Residente na may nakalaang tauhan upang suportahan ang mga matanda at mga matandang beterano, at espasyo sa ibabang palapag para maglingkod sa komunidad. Kasama sa disenyo ng gusali ang mga elemento ng pampublikong sining na nagpapakita ng mayamang kasaysayan ng lugar. Aanyayahang lumahok ang mga kapit-bahay at iba pang mga miyembro ng komunidad sa proseso ng matibay na disenyo upang bumuo ng pampublikong sining. Panghuli, ang site ay nasa sentro ng pampublikong transportasyon, mga tindahan ng grocery, aklatan at mga pampublikong parke.

Ang Mercy Housing California ay ang may pinakamaraming karanasan na may-ari ng pabahay na nagbibigay ng maraming serbisyo sa estado para sa mga nagsasariling matanda.

ANG MERCY HOUSING CALIFORNIA AY KASALUKUYANG NAG-OOPERATE NG

48 Komunidad ng Matanda **AT HIGIT** **3,400** Apartment ng Matanda

DEDIKASYON SA PAKIKIBAHAGI NG KOMUNIDAD

Ang Mercy Housing ay nakatuong isama ang lokal na komunidad sa proseso ng pagtatayo sa pamamagitan ng iba't ibang paraan, kasama ang pagpupulong kasama ng mga kapit-bahay, mga asosasyon ng kapitbahayan at mga lokal na pinuno, pati rin ang mga pampublikong pagpupulong at mga regular na nakasulat at elektronikong pakikipag-ugnayan. Bilang pagsunod sa Mga Hakbang sa Pagdistansiya sa Tao (Social Distancing) na may kaugnayan sa COVID-19, hindi pinaplano ng Mercy Housing na magsagawa ng mga pagpupulong o pakikipag-ugnayan sa personal. Magbibigay ng mga oportunidad para sa mungkahi ng komunidad sa pamamagitan ng elektronikong paraan tulad ng mga email at sa pamamagitan ng website ng Long Beach Senior sa: longbeachsenior.org.



901-941 E. PACIFIC COAST HIGHWAY LONG BEACH, CA 90806

URI NG PAG-AARI
Para sa Matanda

MGA UNIT
68

KOKONTAKIN
Mandalyn Mendoza
213.743.5824
mandalyn.mendoza@mercyhousing.org



TUNGKOL SA MERCY HOUSING

Ang Mercy Housing California (MHC) ay organisasyong nagtatayo ng pabahay na nonprofit at nakabase sa California na may misyong gumawa at palakasin ang malusog na komunidad. Mahigit 30 taon nang gumagawa at nagpapanatili ang Mercy Housing ng abot-kayang pabahay para sa mga taga-California. Ngayong araw na ito, ang MHC ay nagmamay-ari at namamahala ng 143 komunidad na may mahigit 9,900 bahay sa buong estado para sa mahigit 18,000 tao.

Ang Mercy Housing Management Group (MHMG) ang magiging mamamahalang ahente para sa property at nakatuon ito sa pagbibigay ng may kalidad na mga serbisyo sa pamamahala ng property na nagpapatibay ng pilosopiya na ang lahat ng residente ay narapat bigyan ng paggalang, dignidad at lugar na matatawag na bahay. Ang MHC at MHMG ay mga affiliate ng Mercy Housing, Inc., isang nonprofit na organisasyon sa bansa para sa pagtatayo ng pabahay, pamamahala at mga serbisyo sa residente na itinag ng anim na kapisanan ng Women Religious kasama ang Daughters of Charity, ang Sisters of Mercy, at ang Sisters of St. Joseph of Orange.

Kinkikilala ang MHC para sa pambihirang disenyo, may kalidad na pamamahala at modelo ng probisyon ng mga serbisyo sa matanda sa pamamagitan ng malawak na hanay na pampubliko at pribadong mga organisasyon, kasama ang California Alliance for Retired Americans, Institute on Aging, American Planning.



MGA LOKASYON NG PAG-AARI NG MERCY HOUSING CALIFORNIA

na may mga panlalawigang opisina sa Los Angeles, Sacramento at San Francisco

